# KAGAWARAN NG EDUKASYON SA NEVADA

# Pagbabasa sa Tahanan

May mahalagang papel ang mga magulang at pamilya sa pagtulong sa estudyante na maging matagumpay na mambabasa.

## Ang Mga Benepisyo ng Pagbabasa sa Tahanan Kasama ang Aking Anak

Mayroong maraming benepisyo ang **regular** at **patuloy** na pagbabasa sa tahanan kasama ang iyong anak, kabilang ang pagpapalakas ng akademikong pagganap, pagpapahusay sa pag-unlad ng isip, pagbuo ng mas matibay na ugnayan, at umuunlad ang habang buhay na pagmamahal sa pagbabasa.

### Pagpapalakas ng Akademikong Pagganap

Ang regular at patuloy na pagbabasa sa tahanan kasama ang iyong anak ay magdadagdag sa kanyang bokabularyo, pang-unawa, at katatasan sa pagbabasa na magbibigay ng matibay na pundasyon para sa tagumpay sa akademiko sa lahat ng mga asignatura.

### Pagpapahusay ng Pag-unlad ng Utak

Ang regular at patuloy na pagbabasa sa tahanan kasama ang iyong anak ay makakatulong na mapabuti ang kasanayan sa mapanuring pag-iisip at wika. Pinapabuti ng pagbabasa ang pag-unlad ng pasalitang wika na mahalaga para sa pag-unawa sa binabasa.

### Pagbuo ng Mas Matibay na Pagsasama

Ang regular at patuloy na pagbabasa sa tahanan kasama ang iyong anak ay nagpapa-unlad sa emosyonal na koneksiyon at nagpapalakas ng mga ugnayan sa pamamagitan ng ibinahaging mga karanasan at mga talakayan.

Ang regular at patuloy na pagbabasa sa tahanan kasama ng iyong anak ay nagbubukas sa mundo ng imahinasyon at pag-uusisa.

### Pagbuo ng Panghabambuhay na Pagmamahal sa Pagbasa

Ang magkasamang pagbabasa ng mga aklat at pag-unawa sa mga kuwento ay magbibigay sa iyong anak ng pakiramdam ng tagumpay.

Ang mga batang nagbabasa sa kanilang tahanan ay may malaking kalamangan kung paano ang magbasa.



Ang pagbabasa ng 20 minuto tuwing gabi ay maaaring maglantad sa iyong anak sa humigit-kumulang na 1.8 milyong salita tuwing taon.



# KAGAWARAN NG EDUKASYON SA NEVADA

# Pagbabasa sa Tahanan

Maaaring regular at patuloy na suportahan ng mga magulang at pamilya sa anumang paraan ang pagbabasa sa tahanan

## Mga Mungkahing Makakatulong para sa Pagbabasa Sa Tahanan

- Magbasa nang malakas sa harap ng iyong anak. Gumamit ng espesyal na mga boses at ekspresyon ang magpapasaya at gagawing nakakatuwa at nakakaengganyo
- Hayaan ang iyong anak na lumahok sa pamamagitan ng pagpili ng mga laklat
- Talakayin ang kuwento sa pamamagitan ng pagtatanong tungkol sa mga tauhan, kaganapan, balangkas, o mga larawan
- Itakda na may nakikitang closed captioning kapag nanonood ka ng telebisyon o pelikula
- Ibasa sa iyong anak sa wikang kinagigiliwan mo
- Magbasa ng iba’t ibang mga aklat, magasin, artikulo at tula na ankop sa edad
- Hanapin ang mga salita sa labas ng inyong tahanan gaya ng mga palatandaan o menu
- Magdiwang kapag natapos mong basahin ang aklat, natutunan ang bagong salita, o bumisita sa aklatan

### Mga Mapagkukunan para sa mga Magulang at Pamilya

- https://nsla.nv.gov/find-a-library-directory
- https://teachingbooks.net
- https://storylineonline.net
- https://www.readingrockets.org/literacy-home

### Paglikha ng Rutina sa Pagbabasa

- Magtakda ng oras na magkasamang magbasa araw-araw
- Ipagpatuloy
- Hikayatin ang lahat na makilahok
- Limitahan ang mga pagkagambala habang nagbabasa ng magkasama
- Magkasamang pumunta sa aklatan o humiram ng mga libro online



### Paglikha ng Kapaligiran sa Pagbabasa

- Magtalaga ng espesyal na lugar para sa pagbabasa ng magkasama
- Ilagay ang mga libro sa mga lugar na madaling maabot ng iyong anak, bago, habang at pagkatapos na magbasa ng magkasama
- Gawin itong espesyal sa pamamagitan ng pagggamit ng mga komportableng kumot, unan, ilaw, o meryenda